Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa



# PATNUBAY SA MISA

27 Abril 2025 | Ika-2 Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay | Taon K

HESUS, HARI NG AWA

## Mga Tagapagmana at Tagapaghatid ng Habag at Pag-ibig ng Diyos

*Ngayong Ikalawang Linggo ng Paskuwa, pinararangalan natin si Kristong Muling Nabuhay na binansagang "Hari ng Awa." Bawa't isa sa atin ay tiyak na nakalasap na ng dakilang habag ng Panginoon sa maraming paraan tulad ng kaloob na pananampalataya at kapatawaran ng ating mga kasalanan.*

*Patunayan natin ang ating pagkaka utang-na-loob sa Panginoong Hesus sa pamamagitan ng pagiging mahabagin rin sa ating kapwa. Sa gayon, ang buhay nati'y magiging tunay na pagbibigay-saksi sa muling pagkabuhay ni Kristo at makapagpapatunay sa ibang nabuhay ngang muli si Hesus.*

*Tulad ni Tomas, dumulog tayo kay Kristo sa Eukaristiyang ito at pagtibaying muli ang ating pananampalataya sa malakas nating pagpapahayag: "Panginoon ko at Diyos ko!"*



### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kayong mga bagong silang ay maghangad na makamtan ang gatas na espirit'wal na dulot ng Amang banal. Aleluya, s'ya'y awitan!** ***(1 Ped 2:2)***

#### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

#### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Panginoong Hesus, Hari ng awa. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, dakilang bukal ng masaganang biyaya ng habag at kapatawaran ng Diyos. Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, niloloob mong kami ay maging daluyan at tagapaghatid rin ng dakilang habag mo sa tanan. Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

#### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

*P–* Ama naming makapangyarihan, sa pagdiriwang naming ito ng Pasko ng Pagkabuhay ng Anak mo, pinag-alab mo ang pananalig namin sa iyo. Ang kagandahang-loob mo sa amin ay lalo mo pang pag-ibayuhin upang maisaloob na mabuti ng lahat ang kadalisayang dulot ng binyag, ang Espiritung bigay mo sa iyong mga anak, ang Dugong dumanak upang kami'y maligtas sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Gw 5:12-16*

*Ang Aklat ng mga Gawa ay tungkol sa paglago ng Simbahan at pagpapahalaga sa kanya, salamat sa mapagpagaling na kapangyarihan ni Pedro at ng ibang mga apostol.*

*L* – Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

**Maraming kababalaghang ginawa ang mga apostol, na pawang nasaksihan ng mga tao. Nagtitipun-tipon sa Portiko ni Solomon ang lahat ng sumasampalataya.**

**Hindi nangahas na makisama sa kanila ang mga di-sumasampalataya, gayunma'y puring-puri sila ng mga tao. Subalit parami nang parami ang lalaki at babaing nananalig sa Panginoon.**

**Dinala sa mga lansangan ang mga maysakit at inilagay sa mga papag at mga higaan, upang pagdaan ni Pedro ay matamaan ng kanyang anino ang ilan man lamang sa kanila. At dumating din ang maraming taong buhat sa mga bayang kanugnog ng Jerusalem, dala ang kanilang mga maysakit at mga pinahihirapan ng masasamang espiritu; at silang lahat ay pinagaling.**

Ang Salita ng Diyos!

*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 118*

***B* –*Butihing Poo'y purihin, pag-ibig n'ya'y walang maliw!***

*R. M. Velez*




*** Ang taga-Israel, bayaang sabihi't kanilang ihayag, "Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kukupas." Mga saserdote ng Diyos na Panginoon, bayaang magsaysay: "Ang pag-ibig ng Diyos, walang katapusan." Lahat ng may takot sa Panginoong Diyos, dapat magpahayag, "Ang pag-ibig niya'y hindi magwawakas."** ***B.***

*** Ang batong natakwil ng nangagtatayo ng tirahang-bahay, sa lahat ng bato'y higit na mahusay. Ang lahat ng ito ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos, kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod. O kahanga-hanga ang araw na itong ang Diyos ang nagbigay, tayo ay magalak, ating ipagdiwang!** ***B.***

*** Kami ay iligtas, tubusin mo, Poon, kami ay iligtas, at pagtagumpayin sa layuni't hangad. Ang pumaparito sa ngalan ng Poon ay pagpapalain; magmula sa templo, mga pagpapala'y kanyang tatanggapin! Ang Panginoon ang D'yos, pagkabuti niya sa mga hinirang. B.**

**Ikalawang Pagbasa** *Pah 1:9-11a.12-13.17-19*

*Sa simula ng kanyang pangitain, nakita ni Juan si Kristong Muling Nabuhay, nagniningning sa kanyang kaluwalhatian, buhay na buhay, at makapangyarihan.*

*L* – Pagbasa mula sa Aklat ng Pahayag

**Ako'y si Juan, ang inyong kapatid na kasama ninyo sa paghihirap, paghahari, at pagtitiis, dahil sa pakikipag-isa kay Hesus. Itinapon ako sa pulo ng Patmos sapagkat ipinangaral ko ang salita ng Diyos at ang katotohanang inihayag ni Hesus. Noo'y Araw ng Panginoon. Kinasihan ako ng Espiritu, at narinig ko mula sa aking likuran ang isang malakas na tinig na parang tunog ng trompeta. Ang sabi: "Isulat mo ang iyong nakikita."**

**Lumingon ako upang tingnan ang nagsasalita, at nakakita ako ng pitong ilawang ginto. Nakatayo sa gitna ng mga ito ang isang animo'y lalaki, nakadamit nang abut-sakong, at may pamigkis na ginto sa kanyang dibdib.**

**Pagkakita ko sa kanya, para akong patay na nalugmok sa paanan niya. Ngunit ipinatong niya sa akin ang kanyang kanang kamay, at sinabi: "Huwag kang matakot! Ako ang Simula at ang Wakas, at ang Nabubuhay! Namatay ako ngunit masdan mo, ako'y buhay ngayon at mananatiling buhay magpakailanman. Nasa ilalim ng kapangyarihan ko ang kamatayan at ang daigdig ng mga patay.**

**Kaya't isulat mo ang iyong nakikita, ang nangyayari ngayon at ang mangyayari pa."**

Ang Salita ng Diyos!

*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Jn 20:29*

*B* – **Aleluya! Aleluya!**
**Mapalad at maligaya ang sumasampalataya sa di nakita ng mata.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Jn 20:19-31*

*Nagpakita si Hesus sa kanyang mga disipulo at sinusugo niya silang magpatuloy sa kanyang misyon. Pinagkalooban din niya sila ng kapangyarihang magpatawad sa mga kasalanan.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon!

*B* – **At sumaiyo rin!**

*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Kinagabihan ng Linggo ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Hesus at tumayo sa gitna nila. "Sumainyo ang kapayapaan!" sabi niya. Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang-tuwa ang mga alagad nang makita ang Panginoon. Sinabi na naman ni Hesus, "Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo." Pagkatapos, sila'y hiningahan niya at sinabi, "Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo. Ang patawarin ninyo sa kanilang mga kasalanan ay pinatawad na**

**nga; ang hindi ninyo patawarin ay hindi nga pinatawad.”**

**Ngunit si Tomas na tinaguriang Kambal, isa sa Labindalawa, ay wala roon nang dumating si Hesus.**

**Kaya’t sinabi sa kanya ng ibang alagad, “Nakita namin ang Panginoon!” Sumagot si Tomas, “Hindi ako maniniwala hangga’t di ko nakikita ang butas ng mga pako sa kanyang mga kamay, at naisusuot dito ang aking daliri, at hangga’t hindi ko naipapasok ang aking kamay sa kanyang tagiliran.”**

**Makalipas ang walong araw, muling nagkatipon sa loob ng bahay ang mga alagad; kasama nila si Tomas. Nakapinid ang mga pinto, ngunit pumasok si Hesus at tumayo sa gitna nila. Sinabi niya, “Sumainyo ang kapayapaan!” Saka sinabi kay Tomas, “Tingnan mo ang aking mga kamay at ilapit dito ang iyong daliri. Ipasok mo ang iyong kamay sa aking tagiliran. Huwag ka nang mag-alinlangan, maniwala ka na.” Sumagot si Tomas, “Panginoon ko at Diyos ko!” Sinabi sa kanya ni Hesus, “Naniniwala ka na ba sapagkat nakita mo ako? Mapapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakita.”**

**Marami pang kababalaghang ginawa si Hesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi natatala sa aklat na ito. Ang mga natala rito’y sinulat upang sumampalataya kayong si Hesus ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos, at sa gayo’y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*** **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*****–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P*****–**Buksan natin ang ating mga puso sa Diyos na siyang bukal ng lahat ng awa at pagmamahal, at manalangin tayo nang buong pananalig:

***B*** **–Mahabaging Diyos, dinggin ang aming panalangin!**

* Para sa mga pinuno ng Simbahan: Nawa sila’y maging inspirasyon sa lahat ng mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang pagtatalaga ng sarili, pagkakaisa, at katapatan kay Kristo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng may karamdamang pisikal, sikolohikal, o moral: Nawa’y makatagpo sila ng lunas at ginhawa sa kagandahang-loob ng lahat ng sumasampalataya. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga taong tulad ni Tomas na nahihirapang maniwala sa Muling Pagkabuhay: Nawa’y matulungan sila ng pagbibigay-saksi ng pamayanang Kristiyano upang makalampas sila sa kanilang mga pag-aalinlangan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga nagbibigay ng sakramento ng kumpisal: Nawa sila’y maging mga karapat-dapat na kasangkapan ng mapagpagaling na pag-ibig ni Kristo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa nalalapit nating halalan: Nawa’y maghari ang kapayapaan sa bansa at mapagsikapan nating masugpo ang pandaraya’t karahasan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng tao sa buong daigdig: huwag sana nilang hayaang masapawan ng mga makabagong teknolohiya ang makataong pakikipag-ugnayan at pakikisama, at matutong igalang ang dangal ng tao, at makatulong sa lahat upang harapin ang mga makabago ring mga paghamon, manalangin tayo! ***B.***

***P*****–**Panginoong Diyos, salamat sa mga Pampaskuwang kaloob ng Espiritu Santo, ang kapayapaan at kapatawaran. Lalo nawa kaming mapalapit sa Iyo at sa isa’t isa, at gawin Mo kaming mga kasangkapan ng Iyong pagmamahal sa lahat naming mga kapatid. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus, Hari ng Awa.

***B*****–Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*****–** Manalangin kayo . . .

***B*****– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*****–** Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay ng iyong sambayanan upang ang iyong binigyan ng bagong buhay sa pagsampalataya sa iyong ngalan at pagkadalisay noong sila’y binyagan ay makapakinabang sa ligayang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*****– Amen!**

## Prepasyo ng Muling Pagkabuhay I

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!

***B*** –**At sumaiyo rin!**

***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*** –**Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*** –**Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*****–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan lalo ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang iyong anak na minamahal ay naghain ng sarili niyang buhay.

Siya ang tupang maamong umako sa kaparusahan upang mapatawad ang kasalanan ng sanlibutan. Sa pagkamatay niya sa banal na krus, ang kamatayan namin ay kanyang nilupig. Sa pagkabuhay niya bilang Manunubos, pag-asa't pagkabuhay ay aming nakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B* – Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAGWAWAKAS

***B* – Ama namin . . .**

***P* –** Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ako ay iyong hawakan sa sugat sa aking kamay, sa paa kong pinakuan. Aleluya, panaligan nang di nag-aalinlangan.**

***(1 Ped 2:2)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P* –** Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa banal na piging ng Pasko ng Pagkabuhay ay patuloy na umiral sa aming kalooban sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAKIKINABANG

***P* –** Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin!**

***P* –** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos.

*(Tumigil sandali.)*

– Sa Kanyang pag-ibig, nawa'y pawiin ng Diyos ang inyong mga pag-aalinlangan at tulungan kayong manalig sa Kanya.

***B* – Amen!**

***P* –** Nawa'y madama ninyo ang Kanyang mahabaging pag-ibig sa mga sakramento at sa inyong kapwa.

***B* – Amen!**

***P* –** Kung paano n'yo naranasan ang Kanyang awa, gayundin naman, kayo nawa'y maging instrumento ng Kanyang pag-ibig at awa sa mundo.

***B* – Amen!**

***P* –** Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* – Amen!**

***P* –** Humayo kayo sa kapayapaan upang magpatotoo sa Muling Pagkabuhay ng Panginoon. Aleluya! Aleluya!

***B* – Salamat sa Diyos! Aleluya! Aleluya!**

## ARAW NA GINAWA NG PANGINOON!

*Kalakbay at Katoto*

Ngayon ay oktaba ng Pascua, ang ikawalong araw matapos ang dakilang kapistahan ng pagkabuhay. **Ang tatlong pagbasa ay pawang may kinalaman sa isang hanay ng mga pagbabago at pagpapanibagong dulot ng muling pagkabuhay ni Kristo.**

**Sa unang pagbasa mula sa Gawa, sinasaad ang mga kababalaghang naganap sa pamamagitan ng mga apostol** … *"at dumating din ang maraming taong buhat sa mga bayang kanugnog ng Jerusalem, dala ang kanilang maysakit at mga pinahihirapan ng masasamang espiritu; at silang lahat ay pinagaling."*

**Sa ikalawang pagbasa mula sa Pahayag, malinaw namang ipinahahayag ang batayan ng lahat ng bagong katotohanang ito** – ang katotohanang si Kristong muling nabuhay ay *"ang simula at ang wakas, at ang nabubuhay!"*

**Subali't hindi lahat ay nakapansin sa mga bagong bagay na naganap**. Mayroong naiwan kumbaga. Mayroong medyo nadehado at hindi nakakuha nang ganap sa mga kababalaghang nangyari.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

Isa na rito si Tomas. Wala siya nang unang nagpakita ang Panginoong muling nabuhay. Hindi siya lubos na nagtiwala sa mga balitang dumating sa kanya. Gusto niyang makatiyak.

**Si Tomas ay puwedeng maging larawan ng kung ano tayo ngayon . . . mga taong sinasagian ng lahat ng uri ng pagdududa at sari-saring pagtatanong.** Marami tayong tanong kung may malasakit pa ba kaya ang Diyos sa kanyang nilikha.

**Iisa ang namumuong diwa sa ating isipan . . . buhay ba kaya ang Diyos at may malasakit pa ba kaya siya sa atin?**

Ito ang lambong na tinanggal sa ating mga mata sa araw na ito. Ito ang dahilan kung bakit sa tradisyon ng banal na kasulatan, ang araw na ito ay tinatawag na araw ng Panginoon, araw na nilikha ng Diyos. Nguni't mula sa parehong Kasulatan natin matutunghayan ang kasagutan sa mga katanungan natin. At ang malinaw na tugon ay walang iba kundi ito … Darating ang araw ng Panginoon, ang araw na itinakda niya, araw na hindi nagdidipende sa tao at hindi natin maitatakda.

**Matagal na panahon ang hinintay ng bayan ng Diyos. Matagal silang umasa at naghintay**.

Ngayon, nalalapit na naman ang eleksyon. Puno na naman ng palsong pag-asa ang mga mangmang, ang mga madaling madala ng pangako, at pa-*cute* na mga artista at mga payaso sa gobyerno. Panay ang pangako at paninira sa isa't isa.

**Ito ba ang araw na ginawa ng Panginoon? Panahon na upang matuto tayong lahat sa tunay na kahulugan ng pagkabuhay. Wala sa sinumang tao ang ating kaligtasan. Hindi nakasalalay sa kaninuman ang ating kinabukasan**. At ang liksyon ng araw na ito ay malinaw. Siya na lumikha sa araw na ito ang tangi nating muog, haligi, at kaligtasan. Si Kristo lamang ang tanging makapagpapanibago ng buhay natin, hindi batay sa panlabas na anyo, kundi sa kaibuturan ng pagkatao natin.

Malinaw ito sa mga mahal na araw na ipinagdiwang natin**. Malinaw na ang bagong buhay ay dapat magdaan sa pagkamatay sa sarili. Malinaw na walang muling pagkabuhay kung walang Biernes Santo.** Walang aanihin kung walang itinanim. Walang ginhawa kung hindi dadaan sa hirap at dusa. Walang koronang maluwalhati kung walang krus na papasanin ang tanan, bilang pagtulad sa landas na tinahak ni Kristo.

Dito ngayon papasok ang magandang balita ng kaligtasan. Si Kristo ay nagdusa. Si Kristo ay namatay para sa atin, at si Kristo ay muling nabuhay.

Dapat ring ito ang maganap sa ating lipunan, sa ating sarili, sa buhay at sa bahay ng bawa't isa. ***"Hanggang hindi nahuhulog ang isang butil ng trigo at namamatay, hindi ito magbubunga ng anuman."*** Kailangan natin magdusa at mamatay tulad ng butil ng trigo, upang mabuhay at magbigay buhay sa kapwa. **At kailan tayo dapat magsimula?**

**Sa araw na ito . . . "tingnan ang mga daliri ni Kristo . . . haplusin ang kanyang tagiliran . . . damahin ang kanyang pinagdaanan" . . .** Naganap ang araw na ito sapagka't hinarap niya ang hinihingi ng araw ng pagdurusa at pag-aalay ng sarili. At ito ay nagbunga sa dakilang araw ng tagumpay **. . . Ito ang araw na ginawa ng Panginoon!**

---


LIVE THE JOY OF THE RESURRECTION
AND LIVE UP TO ITS CHALLENGES WITH THE HELP OF THE PAMPHLET


**Do you know that the Via Lucis (Trail of Light) was a favorite devotion of St. John Paul II, and that it is the indispensable sequel to the Way of the Cross?**

# The Trail of Light

**help us realize the importance of the Resurrection in our personal and community life. Every season of the year, except Lent, is a golden opportunity to be renewed through the Trail of Light. Available in pamphlets, posters, and tarpaulins (by order).**






Protagonists
OF THE CHRISTIANIZATION
OF THE PHILIPPINES
Limited Edition
Available Now!!!
Word and Life Publications
P 2,500.00
( A Set of Four Books)